Pinangakuan ako ng Panginoon ko na magpapasok Siya sa Paraiso mula sa Kalipunan ko ng pitumpong libo nang walang pagtutuos ni pagdurusa. Kasama ng bawat isang libo ang [iba pang] pitumpong libo at tatlong dakot mula sa mga dakot ng Panginoon ko.

Ayon kay Abū Umāmah, malugod si Allāh sa kanya: "Pinangakuan ako ng Panginoon ko na magpapasok Siya sa Paraiso mula sa Kalipunan ko ng pitumpong libo nang walang pagtutuos ni pagdurusa. Kasama ng bawat isang libo ang [iba pang] pitumpong libo at tatlong dakot mula sa mga dakot ng Panginoon ko."
[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ipinababatid sa atin ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na si Allāh ay nangako sa kanya na magpapasok ng pitumpong libo mula sa Kalipunang ito nang walang pagtutuos at walang pagdurusa. Magpapapasok Siya kasama ng bawat isang libo ng pitumpong libong iba pa. Dadampot si Allāh sa pamamagitan ng kamay Niyang marangal ng tatlong dampot at ipapasok Niya sila sa Paraiso.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8282